Alicia | Angadanan | Cabatuan | Cauayan City | Cordon | Echague | Jones | Luna | Ramon
Reina Mercedes | San Agustin | San Guillermo | San Isidro | San Mateo | Santiago City

ElektriKoop News
SILAW TI ISABELA
UNANG ISYU 2020



# President De Jesus, bagong halal na Representative ng PHILRECA Party-list

**Idineklarang representative ng PHILRECA Party-list ang Presidente ng Isabela I Electric Cooperative, Inc. (ISELCO-I) at Philippine Rural Electric Cooperatives Association (PHILRECA), Hon. Presley C. De Jesus, sa nakalipas na pambansang halalan sa taong 2019.**

Ito ang unang pagkakataon na sumabak sa politika ang naturang party-list kasama ang tatlo pang party-lists mula sa sektor ng Electric Cooperatives (ECs) sa bansa na kinabibilangan ng **Association of Philippine Electric Cooperatives (APEC)**, **Rural Electric Consumers and Beneficiaries of Development and Advancement (RECOBODA)** at **Ako Padayon Pilipino** na nakakuha din ng tig-isang puwesto sa kongreso sa katauhan nina Cong. Sergio Dagooc, Cong. Godofredo Guya, at Cong. Adriano Ebcas.

Dahil sa samu't-saring hamon na kinakaharap ng ECs, layunin ng PHILRECA party-list na mapanatili ang programang pang-elektripikasyon sa kanayunan bilang susi sa "rural development", ipaglaban ang mga karapatan ng member-consumer-owners (MCOs), maprotektahan ang prangkisa ng ECs laban sa mga pribadong kompanyang pang-elektrisidad, makagawa at makapagpasa ng mga polisiya at batas na dumidipensa para sa Rural Electrification Program, at matanggal ang iba't ibang karampatang buwis na nakadaragdag sa bayarin ng MCOs.

Positibo ang bagong congressman na mapagtatagumpayan ng ECs ang ano mang hamon na nakaatang katulad ng tagumpay na nakamit sa nakalipas na halalan higit lalo ngayong nakuha ng congressman ang Vice-Chairmanship ng House Committee on Energy. Makikita din ang pagiging kasapi ng bagong congressman sa iba't ibang komite ng kongreso.

## COMMITTEE MEMBERSHIPS to the 18TH CONGRESS

*VICE CHAIRPERSON:*

1. *COMMITTEE ON ENERGY*
2. *COMMITTEE ON LAND USE*
3. *COMMITTEE ON DISASTER MANAGEMENT*

*MEMBER FOR THE MAJORITY:*

1. *COMMITTEE ON COOPERATIVES DEVELOPMENT*
2. *COMMITTEE ON ECONOMIC AFFAIRS*
3. *COMMITTEE ON GOOD GOVERNMENT AND PUBLIC ACCOUNTABILITY*
4. *COMMITTEE ON GOVERNMENT REORGANIZATION*
5. *COMMITTEE ON HEALTH*
6. *COMMITTEE ON NATIONAL DEFENSE AND SECURITY*
7. *COMMITTEE ON NATURAL RESOURCES*
8. *COMMITTEE ON PUBLIC ACCOUNTS*
9. *COMMITTEE ON PUBLIC ORDER AND SAFETY*
10. *COMMITTEE ON PUBLIC WORKS AND HIGHWAYS*

# TALES of GENUINE DETERMINATION

What can a man best give the world?

For Director Nelson Mañalac, Board of Director of ISELCO-I, father of two amazing kids and husband to Mrs. Cesaria Umipig-Mañalac, it is simplicity and service to other people.

Born on April 12, 1959, 61 years old Dir. Mañalac was born and raised to doting parents at Canangan, Angadanan, Isabela. Growing up full with love and support from both parents, he vowed to make his future children feel as loved as he was. Although growing up away from family was altogether tough for the then teenage Mañalac, he was armed with an amazing will to finish his studies; and that he did with flying colors.


He went to Our Lady of the Pillar College - Cauayan in High School and braved the busy streets of Manila to get prime education from the University of the East. College was totally different from High School but he persevered regardless. “You have to choose your friends wisely”, he said. College was a hard fought battle for him but with the support of the right people, he was successful and graduated with a degree of Bachelor of Science in Business Administration major in Management.


Dir. Nelson Mañalac gave his best shot for work in Manila but after a short while, ended up in Isabela – where his heart truly was. Now back at his home, Angadanan made him experience three things: A husband to a loving wife, a servant to the people, and a father to two amazing daughters. It was in Isabela where he found the love of his life. It was a meeting no short of fate. While husband to his wife, he also found calling of service to humanity. He served as Barangay Captain of Canangan, Angadanan for nine years and became the focal person of various community projects which vastly improved the municipality.

Eventually, he was given one of life’s greatest blessings – his two daughters. He is a simple father to his children and a loving husband to his wife. He adheres to a simple lifestyle and gives everything his family asks of him. Under normal circumstances, performing a different role to different people requires energy to the point where a man wilts. However, the same could not be applied to him. He does everything with love so his work does not come off as workload and doesn’t take too much of him. He is a man of principle, a member of the ISELCO-I Board of Directors, a public servant, a father and a husband.

When asked what advice he could give to young and aspiring leaders of today, he said, “Mag-aral nang mabuti para sa future nila at maging matapat sa trabaho at tungkulin para naman may legacy na maiwan sa kabataan balang araw”.

So if asked what a man can best give the world, Sir Nelson would say without hesitation, “Yourself”.





“A man of few words”, as described by everyone who knows him well, Dir. Nelson V. Agruda lets his service and accomplishment speak for himself.

Born on the 14th of December 1955, he was the eldest of five (5) children of a couple living a simple life at Brgy. San Roque, San Mateo, Isabela. With both parents being farmers, he was exposed to life’s difficulties at a very young age when he experienced assisting his father in tilling the soil and harvesting crops under the hot and glaring sun and selling their harvested produce.

Knowing that working as a farmer is a noble source of living, his parents still made sure that he and his siblings get the education they deserve for a life more comfortable than what his humble parents could provide for their children. With the lesson at hand that money doesn’t come easy, he did his best to perform well in school in exchange for his parents’ efforts and hardships.

Life, however, sometimes interferes. On his highschool sophomore year in Eveland Christian College - San Mateo, just before one of the periodical examinations, he fell ill and wasn’t able to take the exams, hence he was marked failed. It was due to this predicament that he decided not to finish the academic year and instead help his father in their farm. His parents tried to talk him into enrolling back on the next school year to no avail as he was embarrassed to start over as a sophomore while his former classmates were already on their junior year. Until finally, he decided to continue his education at La Salette of San Mateo which his parents happily responded to even if it meant him transferring to a new school.

Being separated from the family he has very close ties with, he endured the challenges of living alone in Metro Manila which soon paid off. He finished his Bachelor’s Degree in Mechanical Engineering at Manuel L. Quezon University.

He went back to San Mateo, Isabela and got employed for twenty-nine years at the Isabela I Electric Cooperative, Inc. (ISELCO-I). To name a few, he worked as Cadet Engineer, Industrial Metering Head and General Services Division Chief. Collection efficiency of the cooperative drastically increased when he became a Branch Manager and piloted the prohibition of bill collectors in the cooperative ensuring that the payments of the member-consumer-owners are immediately accounted for.

“I know it’s a cliché, but everything could be taken away from you except your education, never take it for granted”, this is his reminder to the younger generation.

At present, he is a loving husband, a great father to three children, and an image of leadership and service being one of ISELCO-I’s Board of Directors.



# ISELCO Uno, nakiisa sa Black Valentine at Friday Protest

Nakiisa ang Isabela I Electric Cooperative, Inc. (ISELCO-I) sa pambansang protesta ng 121 electric cooperatives (ECs) sa pamamagitan ng pagsusuot ng itim na damit tuwing araw ng Biyernes na nag-umpisa noong ika-14 ng Pebrero at nagpatuloy sa loob ng apat na buwan.

Layunin ng protesta na iparating sa Kagawaran ng Enerhiya o DOE ang pagkadismaya ng mga kooperatiba sa pag-kansela sa prangkisa ng labimpitong ECs na walang paunang konsultasyon at upang magising ang kamalayan ng mga MCOs sa mga isyu na kinakaharap ng mga koop kasabay ng pag-kundina sa House Bill 8179 o pagbigay ng prangkisa sa Solar Para sa Bayan (SPSB).

Sa kabila ng isinagawang *silent protest* ng mga electric cooperatives ay mapag-aalamang kinatigan pa rin ng kongreso at senado ang mega franchise ng SPSB na magtatagal ng dalawampu't limang taon base sa Republic Act No. 11357. Dahil sa pag-apruba nito ay maaari nang sakupin ng SPSB ang prangkisa ng mga ECs sa bansa. Gayumpaman, positibo pa din ang 121 ECs na higit nang mapakikinggan ang kanilang boses dahil sa pagkakaluklok ng apat na mambabatas sa kongreso mula sa kanilang sektor.




# GROUNDBREAKING Ceremony *ng* REINA MERCEDES Substation, *ginanap*

Upang maihatid ang ligtas at maaasahang mga serbisyo pangkuryente sa mga member-consumer-owners ng Reina Mercedes at lungsod ng Cauayan, ang kooperatiba ay nagsagawa ng groundbreaking ceremony noong ika-28 ng Pebrero 2019 sa Brgy. Nappaccu Pequeño, Reina Mercedes, Isabela.

Nagpapahiwatig ito na ang ipapatayong bagong substation ay magkakaroon ng kapasidad na 20MVA upang magsilbing karagdagang suplay sa kasalukuyang 5MVA.

Ang nasabing substation ay maglalaman ng mga hanay ng de-kuryenteng kagamitan na maaaring makapagpababa ng mataas na boltahe mula sa isang transmission line upang makapaglabas ng angkop na suplay para sa mga konsumidores. Gayundin, ang kuryente sa mga saklaw na lugar ay magiging mas angkop at maaasahan. Magkakaroon din ng isang mas malaking kakayahan upang makadagdag sa pagtaas ng demand sa hilagang bahaging prangkisa ng kooperatiba.

Ang substation ay isang bahagi ng serye ng pag-upgrade ng mga imprastraktura na binalak upang matugunan ang lumalagong pangangailangan ng kuryente sa lugar. Ito ay sumailalim sa mga karagdagang pag-aaral at simulasyon upang malaman ang pinakamataas na benepisyo ng proyekto.

Sa ngayon, ang kooperatiba ay mayroong kabuuang sampung substation.



# ISELCO-I LINEMEN, KAMPEON sa RODEO COMPETITION



Hinirang na kampeon ang grupo ng ISELCO-I Linemen sa kategorya ng Pole Dismantling sa ginanap na Rodeo Competition sa Baguio City noong Agosto 2019 bilang patimpalak sa kauna-unahang Warriors of Light Summit para sa Luzon.

Ang grupo ng ISELCO Uno ay binubuo ng mga sundalo ng pailaw na sina Johny Sunio, Noel Mabini, Nestor Molina, John Rey Ogoy, Rexxi Taña, at Tirzo Haboybon na mula sa Technical Services Department.



Sa unang pagkakataon na pagsabak ng grupo ay kanilang nakamit ang pinakamataas na gantimpala na naging daan upang sila ang napiling kinatawan ng buong Luzon sa nasabing kategorya para sa pambansang patimpalak ng mga linemen na ginanap din sa lungsod ng Baguio.

Kabilang ang grupo ng ISELCO Uno sa Northeast Luzon Electric Cooperatives Association, Inc. o NELECA na tinanghal na pangkalahatang kampeon sa Luzon at second placer naman sa buong bansa.

## *Limang Dekadang Anibesaryo ng National Electrification Administration:* RUN FOR LIGHT ng ISELCO Uno, idinaos



Bilang paggunita sa limang dekadang serbisyong hatid ng NEA, idinaos ng ISELCO Uno ang Run for Light upang bigyan ng halaga ang serbisyong alay ng kooperatibang pang-elektrisidad na naganap noong Mayo 1, 2019 sa ISELCO-I Main Office, Victoria, Alicia, Isabela.

Pinangunahan ng General Manager at CEO na si Engr. Virgilio L. Montano, mga kasapi ng Hunta Direktiba at mga empleyado ang naganap na pagtakbo. Sinimulan ito sa oras ng alas sinco ng umaga at natapos ng alas siete ng umaga.

Kasabay ng pagtakbo, makikita ang ngiti sa bawat mukha ng mga empleyado at mga pawis na tila natutuyot sa galak dahil sa paniniwalang sa pamamagitan ng pagtakbong iyon, serbisyong walang kapantay ang hatid sa lahat ng... *(ituloy sa pahina 13)*

# UNDERSTANDING YOUR ISELCO-I POWER BILL

It's that time of the month again when you receive your Electricity Bill from the Meter Reader and wonder what those charges and terms mean.

Below is a quick guide to help you understand these terms and charges.

But first, it is important to note that while there are so many charges, NOT EVERYTHING GOES TO ISELCO-I. Electric Distribution Utilities gather all those charges and simplify them so you won't need to worry about the many different entities that collect payments from you (e.g. generation companies, transmission company, or the government).

## Important Words and Terms

► **CONSUMER TYPE** – There are four (4) major types of consumers: RESIDENTIAL or the homeowners; COMMERCIAL or businesses that have storefronts; INDUSTRIAL or businesses that manufacture or mills; and PUBLIC BUILDINGS or government-owned buildings, and offices.

► **PERIOD COVERED** – The covered month of the bill

► **DUE DATE** – This tells when the payment is due. Calculated nine (9) days from the reading date.

► **KWH USED** – Kilowatt-hour is the unit for measuring electricity used or consumed for the period covered.

► **CURRENT BILL** – This tells you how much you have to pay based on the kWh consumption for the billing period.

► **TOTAL ARREARS** – The amount unpaid from the previous Electricity Bills.

► **TOTAL AMOUNT DUE** – The total amount you have to pay if you add up your Current Bill plus your Total Arrears.

► **NOTICE** – This is a simple reminder for you to settle your bill within the prescribed period to avoid the disconnection of the Electric Service.

## Charges

► **GENERATION CHARGE** – This makes up around 50% of your electricity bill. It covers the cost of power purchased by ISELCO-I from its suppliers = Independent Power Producers (IPPs), power producers with Power Supply Agreements (PSAs) with ISELCO-I, power producers using Renewable Energy and the Wholesale Electricity Spot Market. This is the cost of generating electricity and goes to power generators. Generation Charge is the primary source of monthly electricity rate movement.

► **TRANSMISSION CHARGE** – This is the charge for the cost of delivery of electricity from power suppliers to ISELCO-I's distribution system. This is paid to the National Grid Corporation of the Philippines (NGCP), the transmission service provider.

► **SYSTEM LOSS CHARGE** – This refers to the cost-recovery of power lost due to technical and non-technical system losses. The Energy Regulatory Commission (ERC) prescribed a lower system loss cap to be charged by distribution utilities (DUs) in the customers' monthly electricity bill through its Resolution No. 20, Series of 2017. Electric Cooperatives (ECs) are grouped into three (3) clusters based on similar technical considerations and shall charge a 12.00% DSL cap in 2018. ECs shall charge within the range of 12.00% to 8.25% DSL cap until 2022 onwards, based on the cluster grouping that they were assigned in.

► **DISTRIBUTION CHARGES** – This is the only portion of your bill that goes to ISELCO-I. It covers the cost of developing, constructing, operating and maintaining the distribution system of ISELCO-I, which delivers power from high-voltage transmission grids to commercial and industrial establishments and residential end-users.

► **MEMBER'S CONTRIBUTION TO CAPEX/ RFSC (REINVESTMENT FUND FOR SUSTAINABLE CAPEX)** – Envisioned to fund the amortization or debt service of EC indebtedness associated with the expansion, rehabilitation or upgrading of the existing electric power system under the ERC-approved Capital Expenditure Plan

► **SUBSIDIES** – Lifeline and Senior Citizen Discounts. This is for the marginalized, low-income customers and senior citizens who consume up to 100 kWh in a given month. They can enjoy a discount of up to 5%, an amount which is subsidized by all other customers.

► **UNIVERSAL CHARGES** – A non-bypassable charge remitted to the Power Sector Assets and Liabilities Management Corporation (PSALM)

**MISSIONARY ELECTRIFICATION CHARGE** is a universal charge to fund the electrification of remote and unviable areas, as well as areas not connected to the transmission system.

**ENVIRONMENTAL CHARGE** is a universal charge that accrues to an environmental fund, which is used solely for watershed rehabilitation and management. This fund is managed by the National Power Corporation (NPC) and is pegged at PhP 0.0025 per kWh.

**STRANDED CONTRACT COST OF NPC** refers to the excess of the contracted cost of electricity under eligible IPP contracts of NPC over the actual selling price of the contracted energy output.

► **FIT-ALL (RENEWABLE)** – Feed-in-Tariff Allowance is an additional tariff, imposed on consumers of electric power, to be paid to producers of renewable energy. Because most forms of renewable energy have very high development costs, an extra financial cushion is needed to help renewable energy developers recover their costs.

► **VALUE ADDED TAX** – This is a consumption tax imposed on the sale of electricity and related services through all stages of generation, transmission, distribution, and sale of electricity to the final consumer.

► **GOVERNMENT REVENUES (TAXES)** – This is paid to local government units, under the provisions of Sections 15 and 137 of the Local Government Code. This is a pass-through charge for ISELCO-I, paid and collected under ERC Regulations.

# 42ND AGMA 2019 dinumog ng MCOs

Mahigit kumulang 37,546 member-consumer-owners (MCOs) ang dumalo sa ika-42 na Annual General Membership Assembly (AGMA) ng ISELCO Uno noong Pebrero 9, 2019 na ginanap sa ISELCO-I APEC-MCO Multi-purpose Building, Victoria, Alicia, Isabela.

Ito na ang may pinakamataas na bilang ng MCOs na dumalo sa AGMA ng kooperatiba sa loob ng apatnapu't pitong taon. Mula sa 13 na bayan at 2 lungsod sa hilagang bahagi ng Isabela, hindi inalintana ng MCOs ang mainit na panahon makadaupang palad lamang ang pamunuan ng kooperatiba at masaksihan ang mahalagang kaganapang ito.

"Apatnapu't dalawang taong galing at husay ng ISELCO Uno, Kasama ng MCO sa tuluy-tuloy na pagkamit ng tagumpay" ang naging tema ng okasyon na dinaluhan ng Administrador ng National Electrification Administration (NEA), Edgardo R. Masongsong, bilang pangunahing panauhing pandangal.

Nagpaunlak din ng mensahe ang General Manager at Executive Director ng Philippine Rural Electric Cooperatives Association (PHILRECA) na si Atty. Janeene D. Colingan.

Ginanap ang Oath-taking ng mga bagong halal na miyembro ng Hunta Direktiba na sina Dir. Nelson V. Agruda ng San Mateo, Dir. Sharon S. Gervacio ng San Isidro, Dir. Analisa B. Lantican ng Alicia, Dir. Perlita S. Sibalon ng Echague, at Dir. Mark Lester R. Cadeliña ng Cabatuan/Luna na pinangunahan ng Administrador ng NEA.

Pinarangalan din ang mga sektor na nagbigay ng masidhing suporta sa MCO Organization tulad ng Isabela Green Ladies Organization (IGLO) MCO Officers ng Cauayan City at Reina Mercedes MCO Federation habang tumanggap naman ng plaque ang mga bayan ng San Agustin, Ramon, Angadanan, at San Guillermo bilang Prompt Payor Municipalities.

Naging matagumpay na natuldukan ang AGMA dahil nanatili ang MCOs mula umpisa hanggang dulo ng programa.












# Garit Sur 10mva Substation at Drive-Thru Collection Office, pinasinayaan









Ang Isabela I Electric Cooperative, Inc. (ISELCO-I) ay isa sa mga kumpanyang layunin ang ipagpatuloy o higitan pa ang mga tagumpay na narating kaya naman noong Pebrero 2019, sa pangunguna ng ISELCO-I General Manager na si Engr. Virgilio L. Montano kasama ang Presidente ng Hunta Direktiba, Cong. Presley C. De Jesus, ginanap ang inagurasyon ng panibagong 10MVA substation na matatagpuan sa Garit Sur, Echague, Isabela.

Dumalo rin sa pagtitipon sina NEA Administrator Edgardo Masongsong, PHILRECA General Manager Atty. Janeene Colingan, NEECO II Board President Rey Villanueva, ISECO Board President Atty. Gloria Corrales, ISECO General Manager Engr. Egdon A. Sabio, mga Hunta Direktiba, tagapamahala ng iba't ibang departamento at ibang empleyado ng ISELCO-I. Ang panibagong substation na ito ay magbibigay tugon sa patuloy na paglago ng konsumo ng elektrisidad o kuryente ng mga member-consumer-owners lalung-lalo na sa mga parte ng Echague, Jones at San Agustin.

Bukod pa dito, ang kooperatiba ay isa sa kauna-unahang EC sa buong Pilipinas na nagpatayo ng substation na may Drive-Thru Collection Office. Ipinatayo rin kasabay ng 10MVA substation ang nasabing pasilidad at ikatlo na ito sa bilang ng napatayo ng kooperatiba. Naaangkop ito sa mga abalang member-consumer-owners lalo na sa mga komyuter upang mapabilis at mapadali ang kanilang pagbabayad.

# Pagpupulong ng *Barangay Electricians at Disconnection Crew ng* ISELCO-I



Dinaluhan ng mga barangay electricians at disconnection crew ang isang pagpupulong na isinagawa sa ISELCO-I Headquarters noong Marso 26, 2019.

Ang pagtitipon na ito ay upang mapalawig ang kaalamang pang-elektrisidad tungkol sa mga hamon at oportunidad na kinakaharap ng kooperatiba. Sinabi ng ISELCO-I Board Secretary, Mr. Eduardo S. Bayani, na 'Lahat tayo ay member-consumer-owners (MCOs) at pagmamay-ari natin ang kooperatibang ito, kaya dapat tayo ang mangalaga at magprotekta nito'.

Ipinaliwanag ni Agnes C. Ambrosio, DPA, ISD Manager, ang mga nagawang programa ng ISELCO-I para sa kaalaman ng mga nagsipagdalo. Namahagi rin siya kung paano pangasiwaan ang mga hinaing ng MCOs para mapanatili ang maayos na relasyon sa kanila. Nagbigay din ng safety tips ang Area Engineer ng North Area, Engr. Roger B. Jose, sa pagiging handa sa anumang oras sa trabaho upang maiwasan ang mga aksidente at maging ligtas ang lahat ng manggagawa at MCOs ng Iselco Uno.

Ipinakilala rin ang Philippine Rural Electric Cooperatives Association o PHILRECA sa mga nagsidalo, ipinaliwanag kung anu-ano ang mga layunin at kung paano makatutulong sa MCOs. Ang *PHILRECA* ay binubuo ng 121 Electric Cooperatives sa pamumuno ni Rep. Presley C. De Jesus, PHILRECA Party-List Representative.



# Iba't ibang Parangal, inani


Labindalawang parangal ang iginawad sa ISELCO Uno sa nakalipas na selebrasyon ng ika-50 anibersaryo ng pagkakatatag ng NATIONAL ELECTRIFICATION ADMINISTRATION (NEA) at ika-40 Annual General Membership Meeting ng PHILIPPINE RURAL ELECTRIC COOPERATIVES ASSOCIATION (PHILRECA) na ginanap sa Philippine International Convention Center, Manila noong Agosto 6-8, 2019.




**GOLDEN DAGITAB AWARD** - para sa natatangi nitong pagganap sa lahat ng operasyon ng kooperatiba na nagbigay daan upang makamit nito ang isang daang porsiyentong antas sa 2018 EC Overall Assessment bilang isang Triple-A (AAA) na kooperatiba



**PARAMOUNT ACHIEVEMENT AWARD** - para sa natatangi nitong pagganap bilang isang Triple-A (AAA) na kooperatiba sa pagkamit ng isang daang porsiyentong elektripikasyon at pag-unlad ng kanayunan



**4 YEARS OF POWER HOUSE EXCELLENCE AWARD** - sa tuluy-tuloy nitong pagkamit ng kategoryang Triple-A (AAA) sa loob ng apat na taon



**EXTRA MILE AWARD** - para sa implementasyon ng model CSR Project sa pamamagitan ng Lifeline Income Augmentation



**ADVOCACY EXCELLENCE AWARD** - para sa pagiging instrumento ng kooperatiba sa pagpapatupad ng mga mithiin ng NEA, PHILRECA, at One EC-MCO Movement



**ACE OF ECS AWARD** - para sa Member-Consumer Empowerment Program na may layuning mapataas ang antas ng kabuhayan ng member-consumer-owners para sa ikauunlad ng kanayunan









# ng ISELCO Uno sa taong 2019




**LEADERSHIP IN ADVOCACY AWARD** - iginawad kay Ms. Agnes C. Ambrosio, DPA ang espesyal na parangal para sa Department Managers ng 121 ECs sa buong Pilipinas dahil sa kanyang natatanging pamumuno bilang sundalo ng Pailaw at pagsusulong sa adbokasiya ng NEA, PHILRECA, at One EC-MCO Movement

**LEADERSHIP IN ADVOCACY AWARD** - tinamo at iginawad kay Engr. Virgilio L. Montano ang espesyal na parangal bilang isa sa natatanging General Managers ng 121 ECs sa buong Pilipinas dahil sa magandang pamumuno sa larangan ng elektripikasyon at sa pagsusulong sa adbokasiya ng NEA, PHILRECA, at One EC-MCO Movement




**LEADERSHIP FOR EXCELLENCE AWARD** - iginawad kay Rep. Presley C. De Jesus sa kanyang dedikasyon bilang lider ng PHILRECA, One EC-MCO Movement at ng 121 ECs sa buong Pilipinas, dahil sa pagpapahusay at pagsulong sa mga adbokasiya ng programang elektripikasyon

**VANGUARD OF LEADERSHIP AWARD** - iginawad kay Rep. Presley C. De Jesus dahil sa kanyang masidhing pagsisikap na ipaabot sa kanayunan ang adbokasiya at dedikasyon sa pagbuo ng pinalakas na PHILRECA at One EC-MCO Movement







**SPECIAL CITATION TO ISELCO-I** - tinanggap dahil sa pakikiisa nito sa paggawa ng NEA-EC-MCO Solidarity Dance Video, isa sa mga namumukod tanging video ng mga kooperatiba sa Luzon

**ABOVE AND BEYOND AWARD** - iginawad sa kooperatiba dahil sa pagkakaroon nito ng kauna-unahang Drive-Thru Payment Center sa lahat ng 121 ECs sa buong Pilipinas











# UNANG MSEAC *at* MCO SUMMIT IDINAOS SA ISELCO-I



Kasama ang mga kinatawan ng PHILRECA Party-List na sina Atty. Gloria C. Corrales at Dir. Presley C. De Jesus, at Atty. Janeene D. Colingan, GM & Executive Director ng PHILRECA, sa isinagawang kauna-unahang MSEAC at MCO Summit sa Isabela I Electric Cooperative, Inc. (ISELCO-I) noong March 28, 2019.



Ipinaliwanag ni Atty. Janeene D. Colingan ang mga adhikain ng PHILRECA at kung anu-ano ang tungkulin nito kasama ang 121 na Electric Cooperatives sa buong bansa, gayundin ang mga oportunidad dito, at banta sa kooperatiba. Binigyang diin naman ng PHILRECA Party-List representative, Dir. Presley C. De Jesus na ang Party-List ay kaakibat sa pang elektrisidad na talakayin.



"Parte kayo ng kooperatiba kaya ating pangalagaan ang ISELCO-I" sambit ni Engr. Virgilio L. Montano, General Manager and Chief Executive Officer ng ISELCO-I, sa mga nag-sidalong partisipante. Ipinaliwanag niyang pagmamay-ari rin ng mga MCOs ang ISELCO-I at kailangang protektahan ito sa mga banta. Ipinagbigay-alam din sa kalahok ang mga nagawang programa at mga panukalang aktibidad ng ISELCO-I na maaaring makatulong sa pamumuhay ng mga nasasakupang MCOs nito.



Ibinahagi rin ng MSEAC Federation President, Jemeto A. Loveria, na ang ISELCO-I ay nakahanda upang tumulong araw-araw na tugonan ang pang-elektrisidad na pangangailangan sa kanyang nasasakupan at ang PHILRECA na namumuno sa 121 electric cooperatives sa bansa na magkaisa sa oras ng sakuna upang tulungan ang isa't isa na makabangon at makatulong sa mga MCOs.

# *Share A Light Program*







Nagbigay ng libreng kuntador sa mga indigent na pamilya ang ISELCO-I kasama ang PHILRECA Party-List sa Nagbacalan, Ramon, Isabela bilang pagtugon sa pangangailangan at kaunlaran ng member-consumer-owners.

Sa naganap na energization ceremony, nagbigay ng mensahe si Kagawad Joel Deloso at ibang mga benepisyaryo ng programa na nagpapasalamat sa tulong na ibinigay ng kooperatiba.

Ipinaliwanag ng HR Supervisor, Marlon O. Salinas, ang iba't ibang programa ng ISELCO-I, PHILRECA Party-List, at NEA, habang ipinaliwanag naman ng Safety Officer, Ronald M. Otanes, ang mga safety tips at ilang benepisyong puwedeng makuha mula sa ISELCO-I gaya ng Senior Citizen's Discount.

Nagbigay rin ng paalala ang Branch Office Supervisor ng Ramon, Rosendo R. Ballad, na magbayad sa tamang oras upang maiwasan ang karagdagang bayaring penalty o pagkaputol ng suplay ng kuryente sa kanilang mga tahanan at pangalagaan ang kani-kanilang kuntador na ibinigay.



# 47th FOUNDING ANNIVERSARY

# Pagdiriwang ng Tagumpay







"Mga Hamon na Pinagtagumpayan, Nabuong Katatagan, Tuluy-tuloy na Kahusayan" ang naging tema ng pagdiriwang ng 47th Founding Anniversary ng Isabela I Electric Cooperative, Inc. na ginanap noong Marso 30, 2019 sa APEC-MCO Multi-Purpose Building, ISELCO-I Compound, Victoria, Alicia, Isabela.

Sinimulan ng pamilyang ISELCO Uno ang pagdiriwang sa pamamagitan ng isang banal na misa na pinangunahan ni Fr. Ernesto Ajieboy P. Galiza, Jr. bilang pasasalamat sa mga natamong tagumpay ng kooperatiba sa nakaraang dalawampu't pitong taong pagbibigay nito ng dekalidad na serbisyo sa kanyang sinasakupan.

Nagkaroon ng pagkakataong magpamalas at magpasiklaban ng kani-kaniyang talento ang bawat departamento nang ginanap ang ISELCO-I Got Talent kung saan namumukod tangi at nagkampeon ang Technical Services Department na naghandog ng isang comedy variety show. Sinundan sila ng South Area Operation Management Department at pumangatlo naman ang Finance Services Department.

Nagpaunlak ng panimulang mensahe ang presidente ng Hunta Direktiba ng ISELCO-I, NELECA, at PHILRECA na si Dir. Presley C. De Jesus.

Naghanda ng masusustansiyang pagkain ang bawat departamento para sa Presentation of Organic & Nutritious Foods na siyang pinagsaluhan ng lahat.

Isa sa pinaka-importanteng parte ng pagdiriwang kinahapunan ang pagbibigay-pugay at parangal sa mga empleyadong nagsilbi sa kooperatiba ng 35, 30, 25, 20, at 15 na taon.

Ginawaran si Engr. Virgilio L. Montano, General Manager & CEO, na siya ding nagbigay ng pambungad na mensahe, dahil sa kanyang 40 taong katapatan at serbisyo sa ISELCO-I.

Kinilala rin sina Hon. Nicasio B. Bautista III, Presiding Judge, Regional Trial Court – Branch 21 Santiago City, bilang Legal Counsel ng kooperatiba sa loob ng labing-anim na taon at Engr. Inocencio C. Castañeda, ang natitirang buhay sa lahat ng mga ISELCO-I Incorporator, sa kanyang natatanging kontribusyon sa kooperatiba.

Maging ang mga empleyadong nagtapos ng kanilang Master's Degree ay kinilala din.

Sa kabuuan, ang Foundation Day ng ISELCO Uno ay sumentro sa pagbibigay-pugay sa mga taong nananatiling matatag at tapat sa kooperatiba.

# ADOPT A FAMILY

Pasko ang isa sa mga pinakamahalagang araw para sa mga Pilipino, bilang patunay kilala ang Pilipinas sa buong mundo dahil ito ang may pinakamahaba at pinakamasayang pagdiriwang ng Kapaskuhan na karaniwang nagsisimula sa buwan ng Setyembre.

Sa mga ganitong panahon nakatatanggap ng mga bonus ang mga manggagawang Pilipino at kumikita naman ng higit na mas marami ang mga nagtitinda kumpara sa mga nakaraang buwan. Ngunit marami paring mga pamilyang hindi gaanong mapalad sa buhay, mga pamilyang araw-araw ang pakikibaka sa buhay. Ito ang mga pamilya na hindi alam kung kailan o ano ang kanilang susunod na ihahain sa kanilang hapag kainan, kung mayroon man.

Para sa ISELCO Uno, ang tunay na diwa ng Pasko ay pagbibigayan ng walang inaasahang kapalit. Dahil dito, bilang pasasalamat sa isang magandang taon, ang bawat departamento ng ISELCO Uno ay namili ng pamilyang hahandugan ng regalo para sa Adopt-A-Family Program ng kooperatiba, mga pamilyang kahit na hirap sa buhay ay nagsisikap at nananatiling mabuti sa kapwa. Ang mga napiling pamilya ay inimbitahan at mainit na tinanggap ng ISELCO Uno nang ginanap ang kanilang 2018 Christmas Program and Family Day.

Inaasahan ng lahat ng empleyado na sa pamamagitan ng kanilang mga Pamaskong handog ay makikita ng mga pamilya na para sa lahat ang pag-asa ng isang matiwasay na pamumuhay.

Pagmamahalan at pagbibigayan, ito ang Pasko.
















# GM MONTANO, bagong PS-AGM ng NUVELCO

Itinalagang Project Supervisor at Acting General Manager sa Nueva Vizcaya Electric Cooperative (NUVELCO) ang kasalukuyang GM at CEO ng ISELCO-I, Engr. Virgilio L. Montano, matapos ang kaniyang panunumpa noong July 17, 2019 sa punong himpilan ng NUVELCO sa Gabut, Dupax del Sur, Nueva Vizcaya.

Ang National Electrification Administration (NEA) ang nagbigay ng direktiba upang pamunuan ni GM Montano ang lahat ng operasyon ng NUVELCO at masigurong maihatid ang mga tungkulin nito sa member-consumer-owners sa kaniyang mga nasasakupang lungsod at bayan.

Mapag-aalaman na sa taon ng panunungkulan ng General Manager na nakamit ng ISELCO Uno ang kategoryang Triple-A (AAA) sa loob ng apat na sunud-sunod na taon, ang pinakamataas na markang iginagawad ng NEA sa isang kooperatiba.

Mithiin ni GM Montano na lalo pang umangat ang serbisyo ng NUVELCO sa mga susunod na buwan kaya naman siya ay nangangakong kaniyang ibabahagi ang best practices ng ISELCO-I sa kaniyang bagong pamilya.



*(Left to right) Dir. Ramon Ramento (NUVELCO), Dir. Eduardo Bayani (ISELCO-I), Dir. Brendon Lazaro (ISELCO-I), Dir. Eddie Crisologo (NUVELCO), Dir. Abraham Reyes (NUVELCO), Ms. Agnes Ambrosio, DPA (ISELCO-I), Dir. Manolito Lumidao (NUVELCO), Dir. Nollie Alamillo (IDD-NEA), Engr. Virgilio L. Montano (ISELCO-I), Mr. Lopito Lloyd Valdez (NUVELCO), Mr. Percival Crisostomo (OMDD-IDD), Dir. Edwin Domingo (NUVELCO), Dir. Dominador Lapada (NUVELCO)*

*(mula sa pahina 4)*

...miyembro konsumidores ng ISELCO Uno. Nanguna sa pagtakbo si Mr. Abraham M. Miranda sa kalalakihan habang sa kababaihan naman ay si Ms. Mary Joy O. Palencia. Sa pangunguna ng dalawang nasabi, ito ay sumasagisag na patunay ngang kahit pagod, patuloy pa rin sa pagtakbo upang marating ang dulo ng tagumpay, katulad ng ISELCO Uno na walang sawang maghahatid ng serbisyong walang kapantay para sa nasasakupan nito.

Sa ika-limampung taong anibersaryo nito, ang tagumpay na natamo ng NEA ay tagumpay ng bawat kooperatibang walang humpay sa paghahatid ng serbisyong alay sa bawat mamamayan.

# MCO Corner

## ILAW ng ISABELA

**ni Maricel L. Dela Cruz**
*(Alicia, Isabela Member-Consumer-Owner)*

Niluma ng panahon, sa gaserang
de-gas namuhay,
Ilang taon ding mga tao'y nangangapa sa
ilaw;
Ngunit nang ikaw na ay sumilay,
Bawat tahanan nagkaroon ng kulay at
buhay.

Sa bawat araw na nagdaraan
Ilaw mo'y nagniningning sa sambayanan
Tila isang buwan na bumibighani
Ang liwanag mo'y tunay ngang
natatangi.

Dumaan man ang ilang henerasyon
Nanatili kang sinag kaninuman,
Noon at magpahanggang ngayon
Isa kang alamat sa mata ng
mamamayan.

Bahagi ka ng isang araw na kailan ma'y
'di matitinag
Para sa mga nanatili sa dilim na hanap
ay liwanag
At mga kabataang patuloy na
nangangarap
Sa ilaw mo, mithiin nila'y unti-unting
natutupad.

Laban mo, laban ng buong Isabela
Dahil sa ilaw mong bigay, ginhawa ng
nakakarami
Ikaw ang ilaw ng buong Isabela
Ikaw ang ilaw ng buong mamamayan
magpakailan man.

Higit sa lahat ikaw ang "Ilaw Ko"
Nawa'y abutin pa ng libu-libong taon.

## ISELCO UNO

**ni Rexy M. Flores**

ISELCO Uno Ikarik kenka nga iti
agnanayon
Salaknibanka ta sinilawam toy
biagkon!
Espesyalka ditoy pusok, Bigbigek nga
sika ket natan-ok!
Liwliwa ka pay nu kasta nga dumteng
ti parikut.
Cooperatiba a nagasat Carcararagko
kanayonen na koma,
Op-opisyal ken empleyado itdennat'
narway a grasya!

Umdas ken Umno la unay nga innak
padayawan
Natan-ok nga cooperatiba a
pangnamnamaan
Onor rumbengko a kenka ipaay uray
sadinno man.

# Gintong Anibersaryo ng NEA

Bilang parte ng ika-limampung taong selebrasyon ng pagkakatatag ng NEA, iba't ibang mga patimpalak sa larangan ng sining ang ginanap sa bawat EC sa bansa. Isa sa mga nasabing patimpalak ang HimigRE (Himig Rural Electrification): Songwriting Contest.

Isinagawa ang Clicks of Gold: Photography Contest sa kooperatiba. Layunin ng nasabing patimpalak na maipakita sa pamamagitan ng larawan ang Rural Electrification Program at ang epekto nito sa pag-unlad ng kanayunan.

Nakamit ni Precious Colleen B. Dela Cruz ang unang gantimpala kung kaya't siya ang kumatawan sa ISELCO Uno sa ginanap na kompetisyon ng Northeast Luzon Electric Cooperatives Association o NELECA.



**"LIGHT OF LIFE, LIGHT AT NIGHT"**
***(CHAMPION: CLICKS OF GOLD - EC LEVEL)***
We often overlook the importance of electricity, how it brings light to our lives. One way to appreciate its existence and beauty is when the sun sets, when the lights are at their brightest.

Kuhang Larawan ni Precious Colleen B. Dela Cruz
Victory Norte, Santiago City



***"AMBUKLAW, WHERE UNITY IN DIVERSITY IS IDENTIFIED"***
ni Joram F. Juat
Magsaysay, Cabatuan, Isabela



***"METER READING AT ITS FINEST"***
ni Jara Ericka Bacsa
Balintocatoc, Santiago City

Ginanap din ang Golden Strokes: Painting Competition upang maipakita ang angking talento ng mga member-consumer-owners sa pagpipinta. Tulad ng ibang kompetisyon, ang mga isinumiteng likhang-sining ay umikot sa isang tema, ang Rural Electrification Program.



***"LINEMAN ROUTINE"***
ni Mark Anthony Carino
Victory Norte, Santiago City



***"THE MEN BEHIND THE POWER"***
ni Sandy A. Navarette
Nagbacalan, Ramon, Isabela

# TIMPALAK NG LIKHANG SINING



***"NATURE AND RURAL ELECTRIFICATION: AN ATTAINABLE EQUILIBRIUM"***
ni Fred D. Arcega
Silauan Norte, Echague, Isabela



***"ISELCO MAN!"***
ni Precious Colleen B. Dela Cruz
Victory Norte, Santiago City

**"WARRIORS OF LIGHT:
CONNECTING HAPPINESS INTO EVERY RESIDENCE"**
***(CHAMPION: GOLDEN STROKES - EC LEVEL)***

Likhang Sining ni Joram F. Juat ng Magsaysay, Cabatuan, Isabela



Ang likhang sining ni Joram F. Juat ng Magsaysay, Cabatuan, Isabela ang itinanghal na kampeon sa Golden Strokes: Painting Competition. Ang kanyang likha ay ang siyang kumatawan sa ISELCO Uno para sa Regional Level Judging ng NELECA.

Ginawaran ang LINEMAN: Life of a Light Warrior ng ISELCO-I bilang pinakamahusay na pelikula sa Regional Level Judging ng Kwentong Dagitab: EC Video Documentary Competition dahil sa matagumpay na pagpapakita nito ng mga makatotohanang pangyayari sa paghahatid ng liwanag mula sa paningin ng isang magiting na sundalo ng pailaw.










*SYNOPSIS: The documentary entails the humble beginnings of the cooperative to attain total rural development, brought forth by rural electrification, through the eyes of someone who have played a vital role in attaining this goal, a Lineman. He tells the different challenges they face day by day in their line of work. From tiring yet fulfilling tasks to what would've been a simple errand that turned into a life-threatening one. The documentary also features the different ways the cooperative has been able to help different member-consumer-owners in all sorts of life.*

Hindi man sila bida sa mga mata ng iba, hindi nila inaalintana ang mga panganib at kapahamakan sa kanilang propesyon, bagkus ay araw-araw silang bumabangon at patuloy na sumasabak sa buhay upang mapanatiling maliwanag ang bawat tahanan.

Makikilala ang sundalo ng pailaw sa video na si Mr. Irving M. Paringit, kasalukuyang foreman ng ISELCO-I. Mapapanood dito ang mga aktibidades at mga suliranin ng isang lineman.

Ang LINEMAN: Life of a Light Warrior ay:

| | |
|---|---|
| Isinulat nina: | Prescious Ann S. Oria<br>Narson Karlo C. James |
| Isinalaysay ni: | Prescious Ann S. Oria |
| Inedit nina: | Narson Karlo C. James<br>Engr. Mark Emerson A. Bernabe |
| Isinalin sa Ingles ni: | Nicomar R. Gaoat |
| Mga Tagapayo: | Agnes C. Ambrosio, DPA<br>Engr. Virgilio L. Montano |

*Scan to watch "LINEMAN: Life of a Light Warrior"*

*Scan to listen to "LIWANAG"*

# THE MANAGEMENT

**ENGR. VIRGILIO L. MONTANO, MBA**
General Manager & Chief Executive Officer

**AGNES C. AMBROSIO, DPA**
Manager, Institutional Services Department

**ENGR. ABRAHAM C. BALINGUE, MBA**
Manager, Technical Services Department

**ELENITA V. MEDRANO, MBA**
Manager, Energy Trading Services Department

**LEIZZA M. NIGUIDULA, CPA**
Manager, Finance Services Department

**MANILYN C. BALDOS, CPA**
OIC Manager, Internal Audit Department

**VICENTE B. DEL ROSARIO, JR., CPA**
Manager, South Area Operation Management Dept.

**ENGR. ROGER B. JOSE, MEE**
Manager, North Area Operation Management Dept.

# THE BOARD OF DIRECTORS

**DIR. PRESLEY C. DE JESUS**
President, District VIII - Santiago City

**DIR. BRENDON R. LAZARO**
Vice-President, District IX - Jones/San Agustin

**DIR. EDUARDO S. BAYANI**
Secretary, NEA Representative to the ISELCO- I Board

**DIR. CONCHITA M. PALENCIA**
Treasurer, District XI - Cauayan City

**DIR. NELSON P. MAÑALAC**
Member, District I - Angadanan/San Guillermo

**DIR. RODOLFO T. CRISTOBAL, JR.**
Member, District II - Ramon

**DIR. NELSON V. AGRUDA**
Member, District III - San Mateo

**DIR. SHARON S. GERVACIO**
Member, District IV - San Isidro

**DIR. ANALISA B. LANTICAN**
Member, District V - Alicia

**DIR. PERLITA S. SIBALON**
Member, District VI - Echague

**DIR. MARK LESTER R. CADELIÑA**
Member, District X - Cabatuan/Luna

# EDITORIAL BOARD

**ENGR. VIRGILIO L. MONTANO**
Executive Editor

**AGNES C. AMBROSIO, DPA**
Managing Editor

**PRESCIOUS ANN S. ORIA**
Lead Writer

**LEIZZA M. NIGUIDULA, CPA**
**BONALETH F. SOLIMAN, CPA**
**ENGR. PRECIOUS GEM R. TAGANAS**
**ENGR. ROCHELLE V. GUMPAL**
**CHRISTINE M. SINAGOSE**
**NARSON KARLO C. JAMES**
**NICOMAR R. GAOAT**
News Writers

**MYRNA DEL P. ROSARIO, CPA**
**JENNIFER O. ARCADIO, CPA**
**NICOMAR R. GAOAT**
Feature Writers

**NICOMAR R. GAOAT**
Graphics and Design Editor

**NICOMAR R. GAOAT**
**NARSON KARLO C. JAMES**
Layout Editors

**FLORANTE A. GONZALES**
**PRESCIOUS ANN S. ORIA**
**NARSON KARLO C. JAMES**
**JOSE P. GARCIA III**
**ENGR. MARK EMERSON A. BERNABE**
Photojournalists

**THE BOARD OF DIRECTORS**
Advisers


# ISELCO-I HOUR

**BOMBO RADYO DZNC 801khz**
Cauayan City
1st Saturday of the Month
(11:45AM-12:00NN)

**DWDY-AM 1107khz**
Cauayan City
2nd Friday of the Month
(3:30-4:00PM)

**DWSI SONSHINE RADIO 864khz**
Santiago City
3rd Friday of the Month
(3:30-4:00PM)